

Tala: 1

Diagnostic Ultrasound ng Tiyan(includes abstract) Mahnke D; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, December 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052381

Abstract: Sinusuri ng ultrasound ang mga organg panloob gamit ang high-frequency sound waves. Kung gagawin ang Doppler ultrasound, makikita ng doktor ang daloy ng dugo sa mga pangunahing daluyan ng dugo.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Diagnostic Ultrasound ng Tiyan

(Sonogram)


ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Sinusuri ng ultrasound ang mga organg panloob gamit ang high-frequency sound waves. Kung gagawin ang Doppler ultrasound, makikita ng doktor ang daloy ng dugo sa mga pangunahing daluyan ng dugo.

Ultrasound ng tiyan



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

Maaaring masuri ng ultrasound ng tiyan ang mga sumusunod:

- Tiyan
- Atay
- Pali
- Lapay
- Apdo
- Mga Bato
- Mga obaryo at matris (kabilang ang buntis na matris at ang fetus sa loob)
- Aorta at ibang mga artery sa tiyan (sa pamamagitan ng Doppler ultrasound)

Mga Dahilan para sa Proseso

Ginagamit ang ultrasound upang maghanap ng mga problema sa kalooban ng tiyan. Maaari itong magpakita ng mga organ at paggalaw. Kadalasang ginagawa ang ultrasound para sa mga sumusunod na dahilan:

- Upang suriin ang pinsala o karamdaman ng atay, apdo, pali, mga lapay, mga bato, o ibang mga organ sa loob ng tiyan
- Upang tumulong malaman ang sanhi ng pananakit ng tiyan
- Upang mahanap ang mga bato sa apdo o mga kidney stone
- Upang tayahin kung may mga tumor, cyst, abscess, o ibang mga bukol sa tiyan
- Upang tumulong malaman kung bakit lumaki ang isang organ sa loob ng katawan
- Upang masuri ang buntis na matris at ang sanggol sa loob
- Upang masuri ang aorta para sa pagkakaroon ng aneurysm
- Upang masuri ang pagsikip ng mga artery sa tiyan
- Upang suriin ang pinsala sa pali
- Upang suriin ang karamdaman ng atay o pamamaga ng lapay
- Upang hanapin ang naiibang bagay sa tiyan, gaya ng bala

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Maaaring gawing mas mahirap ng parehong labis na katabaan at pagkaubos ng tubig na matukoy ang mga organ sa pagsusuri
- Maaaring barahan ng hangin sa mga bituka ang pananaw sa mga organg panloob
- Maaaring barahan ng pagkakaroon ng barium o ibang mga contrast material sa bituka (mula sa ibang mga x-ray o eksaminasyon) ang pananaw sa mga organg panloob

Anong Maaasahan

Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Paminsan-minsan, ibang mga pagsusuri gaya ng pagsusuri sa dugo

Tanungin ang tungkol sa alinmang paghihigpit sa diyeta. Maaaring hilingin sa iyong mag-ayuno nang 8 hanggang 12 oras bago ang pagsusuri. Pinapababa nito ang dami ng hangin sa mga bituka. Sa ilang mga uri ng ultrasound, kailangan ang punong pantog. Hihilingin sa iyong uminom ng anim o higit pang mga baso ng tubig at huwag umihi bago ang scan.

Magsuot ng kumportable, maluwang na damit

Habang Isinasagawa ang Proseso

Hihilingin sa iyong humiga sa patag na mesa sa madilim na kuwarto. Nakakatulong ang kadilimang makita ang mga imahe sa screen.

Anesthesia

Wala

Paglalarawan sa Proseso

Maglilagay ang technician ng gel sa tiyan. Ididiin ang isang transducer sa balat. Ito ay maliit, kagamitang hinahawakan ng kamay na nagpapadala ng mga imahe. Tumutulong ang gel na ilipat ang mga sound wave sa pagitan ng balat at ng transducer.

Ipinapadala ang high-frequency sound waves sa mga organg panloob. Ibinabalik ng mga organ ang sound waves sa balat. Tinatanggap ito ng transducer at nakikita sila bilang imahe sa makina.

Pinapanood ang mga imahe habang lumalabas sila sa screen ng makina. Maaaring kunin ang larawan o videotape ng gumagalaw na mga imahe. Maaaring hilingin sa iyong magpalit ng puwesto o pigilin ang iyong hininga habang ginagawa ang pagsusuri.

Pagkatapos ng Proseso

Lilinisin ang gel sa tiyan.

Gaano Katagal Ito?

30 minuto

Masakit Ba?

Ang ultrasound ay hindi masakit. Maaaring malamig ang gel kapag una itong ipinahid. Maaaring magdulot ng presyon ang transducer. Hindi maginhawa ang presyon sa punong pantog.

Mga Posibleng Kumplikasyon

Walang mga komplikasyong karaniwang iniuugnay sa prosesong ito.

Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Linisin ang gel sa iyong balat
- Bumalik sa normal na mga gawain maliban kung iba ang ibinilin ng doktor

Resulta

Pinag-aaralan ang mga imahe at ipinaliliwanag ng mga eksperto. Ibibigay ang ulat sa iyong doktor. Gagawa ang iyong doktor ng mga rekomendasyon para sa paggamot batay sa ulat na ito.

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Ang iyong sintomas ay lumalala

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. December 2008
Numero ng Item: 2010052381